
3

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 4: Pagkokompara ng mga Kuwento sa Pamamagitan ng Pagtatala ng Pagkatutulad at Pagkaiiba



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

CO_Q2_Filipino 3_ Module 4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 4: Pagkokompara ng mga Kuwento sa Pamamagitan ng Pagtatala ng Pagkatutulad at Pagkaiiba**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon paman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Raquel A. Tangga-an

**Editor:** Cristy S. Agudera, Lorna C. Ragos, Elena Duka-Tatel

**Tagasuri:** Romeo A. Mamac, Salimar M. Mijares, Christopher U. Gonzales

**Tagawasto:** Iris Kristine Mejos

**Tagaguhit at Tagalapat:** Precious Jean Enriquez at Jecson L. Oafallas

**Tagapamahala:** Allan G. Farnazo, Josephine L. Fadul, Mary Jeanne B. Aldeguer, Christine C. Bagacay, Analiza C. Almazan, Lorna C. Ragos, Ma. Cielo D. Estrada, Cristy S. Agudera, Mary Jane M. Mejorada, Alma D. Mercado

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region XI**
Office Address: F. Torres St., Davao City
Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 4: Pagkokompara ng mga Kuwento sa Pamamagitan ng Pagtatala ng Pagkatutulad at Pagkaiiba

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

# *Alamin*

Kumusta ka na? Binabati kita sa pagtatagumpay mo sa naunang gawain.

Sa Modyul na ito, matututuhan mo ang iba't ibang kuwento at maihahambing mo ang mga ito batay sa kanilang pagkakatulad at pagkakaiba. May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- naikokompara ang mga kuwento sa pamamagitan ng pagtatala ng pagkakatulad at pagkakaiba ( F34AL-IIe-14).

# *Subukin*


**Gawain ng Magulang/Guro**


- Gabayan ang bata sa pagbasa at pag-unawa ng mga tanong.

**Gawain ng Mag-aaral**

- Sagutin ang gawain

**Panuto:** Tingnan mo ang mga larawan at basahin ang mga pangungusap na nasa ibaba ng mga ito.





Ito ay isang lapis.
Isang mahaba at mapurol na lapis.
Ginagamit ng mga bata sa pagsusulat.

Ito ay isang lapis.
Isang maikli at matulis na lapis.
Ginagamit ng mga bata sa pagsusulat.

**Panuto:** Sagutin mo ang sumusunod na katanungan. Isulat ang iyong mga sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang inilalarawan sa itaas?

2. Ano ang pagkakatulad ng dalawang larawan sa itaas?

3. Ano ang pagkakaiba ng dalawang larawan sa itaas?

4. Ano ang gamit ng mga lapis?






5. Ikompara mo ang dalawang lapis ayon sa gamit, hitsura at katangian nito.

# Aralin 4

# Pagkokompara ng mga Kuwento sa Pamamagitan ng Pagtatala ng Pagkakatulad at Pagkakaiba

## *Balikan*

**Panuto:** Isulat sa sagutang papel ang letra na sumisimbolo sa mga larawan sa ibaba  sa sagutang papel.

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1.  keyk | matamis | mapait | maalat |
| 2.  kalabaw | maliit | malakas | mahina |
| 3.  sorbetes | malamig | maasim | maanghang |
| 4.  Bulak | malaki | mainit | malambot |
| 5.  Durian | matinik | mapait | maanghang |

## Tuklasin

**Gawain ng Magulang/Guro**

- Gabayan ang bata sa pagbasa ng dalawang kuwento sa ibaba, gayundin sa pag-unawa ng kasunod na mga tanong.

**Gawain ng Mag-aaral**

- Sagutin ang gawain

Basahin ang dalawang maikling kuwento.

### Ang Hinog na Bayabas

Raquel A. Tangga-an

Nakita ni Lina kina Aling Maning ang puno ng bayabas na hitik na hitik sa bunga.

"Uy! Kaysarap." sa isip ni Lina. Ngunit siya'y nahihiyang humingi sa magandang si Aling Maning.

### Ang Ibong Maliit

Raquel A. Tangga-an

Palipad- lipad ang ibong maliit sa himpapawid nang makita nito ang hinog na bayabas sa malapit. Gusto niyang kumain, upang gutom ay maitawid. Agad tinuka ang bayabas na kaniyang ibig.

Kumuha ng isang buong papel at sagutin ang sumusunod na mga tanong:

1. Ano ang pamagat ng dalawang maikling kuwento?

2. Ano ang gustong kainin ni Lina?

___

___

___

3. Nakain ba ni Lina ang hinog na bayabas? Bakit?

___

___

___

4. Ano ang gusto ng maliit na ibon?

___

___

___

5. Paano nagkakatulad ang dalawang kuwento?

___

___

___

6. Ano ang ipinagkaiba ng dalawang kuwento?

___


___

___

## Gawain ng Magulang/Guro

- Ipaliwanag sa bata kung ano ang gagawin sa bahaging ito.

**Panuto:** Gamit ang **Venn Diagram**, ikumpara mo ang dalawang kuwento batay sa kanilang pagkakatulad at pagkakaiba. Iguhit at isulat ang iyong mga sagot sa sagutang papel.







# *Suriin*

## Gawain ng Magulang/Guro

- **Sabihin:** Pagkatutulad ang tawag kung ang mga katangian ay magkatutulad samantalang ang Pagkakaiba ay tinitingnan ang pagkaiiba ng katangian ng mga bagay-bagay.

**Panuto:** Basahin mo nang maayos ang nasa pahayag A at pahayag B sa may ibaba.

**Pahayag A.** Gusto kong maging isang guro upang pagbabasa at pagsusulat ay ituturo.



**Pahayag B.** Paglaki ko abogasya ang
nais kong kurso upang
sa batas may sapat na alam ako.



Pansinin mo ang **pagkatutulad** at **pagkaiiba** ng pahayag A at pahayag B sa itaas.

Ang **Pahayag A at B** ay nagpapahiwatig ng kagustuhan ng dalawang karakter na makatapos ng ninanais nilang kurso. Ang pagkaiiba nila ay kung anong kurso ang kukunin nila sa kanilang paglaki. Pareho silang may magandang pananaw tungkol sa kursong kani-kanilang kukunin.



**Tandaan:**

Sa pagkokompara ng pagkatutulad at pagkaiiba ng mga kuwento o pahayag, ang dapat mong hanapin at itala ay ang pagkakatulad o pagkakapareho ng mga ito batay sa katangian, hugis, uri, at iba pa.

Sa pag-iiba naman, dapat mong tingnan ang hindi pagkakapareho ng mga ito batay sa katangian, hugis, uri, at iba pa.

# Pagyamanin

**Gawain ng Magulang/Guro**

- Ipaliwanag at gabayan ang bata sa pagbasa ng kuwento at paghahambing ng mga tauhan.

**Gawain A.** Basahin at unawain mo ang kuwento. Pagkatapos ay ihambing mo ang mga tauhang nasa kuwento gamit ang tsart na nasa ibaba. Gawin mo ito sa iyong sagutang papel.


## Ang Dalawang Atleta

Raquel A. Tangga-an



Parehong magaling na atleta ang magkaibigang sina Mario at Rene. Nangunguna at sikat sila sa kanilang paaralan sa larangan ng isports. Matatalino, mababait at parehong matulungin sa kani-kanilang pamilya. Palakuwento si Mario samantalang si Rene ay tahimik. Magaling sa larangan ng **basketball** si Rene at sa sepak takraw naman si Mario. Kinagigiliwan silang dalawa dahil sa magandang katangiang taglay nila.

Pagkakatulad Pagkakaiba




**Gawain B.**

Basahin at unawain mong mabuti ang sumusunod na kuwento at sagutin ang kasunod na mga tanong. Piliin mo ang letra ng tamang sagot at isulat ito sa iyong sagutang papel.

### Ang Batang si Mira

Raquel A. Tangga-an

Masipag at matulungin ang batang si Mira. Giliw na giliw sa kaniya ang nanay niyang si Aling Fara. Tuwing araw ng Sabado ay pagtitinda ng kending Tera-tera ang kaniyang ginagawa. Bata pa lang ay katuwang na siya ng kaniyang ina sa paghahanap-buhay.

1. Sino ang bata sa kuwento?
   a. si Mina b. si Mari c. si Mira

2. Anong araw tumutulong si Mira sa kaniyang ina sa pagtitinda?
   a. Sabado b. Linggo c. Lunes

3. Anong magagandang katangian mayroon si Mira?
   a. mabait at masinop
   b. magalang at madasalin
   c. masipag at matulungin

4. Paano siya nakatutulong kay nanay Fara.

a. sa pag-iigib ng tubig

b. sa paghuhugas ng pinggan

c. sa pagtitinda ng kending Tera-tera

5. Ano ang pamagat ng kuwento?

a. Ang Batang si Lina

b. Ang Batang si Mira

c. Ang Batang si Mina

## Gawain C

### Si Pepeng Masipag

Raquel A. Tangga-an

Masipag at matulungin si Pepe sa kaniyang tatay Isko. Tuwing araw ng Sabado nakasanayan na niyang pumunta sa bukid at tumulong sa kaniyang tatay tuwing walang pasok. Habang nag-aararo ang tatay niya, siya naman ang naghahanda ng pagkain para sa kanila. Inaalagaan din niya ang mga hayop sa kanilang bukirin tulad ng bibi, manok at kambing at ang tagabantay nilang aso na si Tupe. Masayang tumutulong si Pepe kaya mahal na mahal siya ng kaniyang mga magulang.

1.Sino ang bata sa kuwento?

a. Pepe b. Tupe c. Isko

2. Saan pumupunta si Pepe tuwing araw ng Sabado?

a. Sa bukid kasama ang tatay Isko.

b. Naglalaro sa kabahayan.

c. Natutulog sa kanilang bahay.

3. Anong klaseng bata si Pepe?

a. mabait b. masipag c. magiliw

4. Bakit mahal na mahal siya ng kanyang mga magulang?

a. dahil siya'y masipag
b. dahil siya'y matulungin
c. lahat ng nabanggit

5. Bakit sumasama siya sa kanyang tatay tuwing walang pasok?

a. Dahil siya ang naghahanda ng pagkain ni tatay.
b. Dahil siya ay maglalaro doon.
c. Dahil siya ang manghuhuli ng mga ibon.

**Gawain D**

Panuto: Ihambing ang mga kuwento sa pamamagitan ng pagtatala ng pagkatutulad at pagkaiiba ng mga ito. Gawin mong batayan ang wastong mga sagot sa Gawain B at C. Iguhit ang tsart at isulat ang mga sagot mo sa sagutang papel.

**Talaan ng Paghahambing**

| Kuwento | Pagkatutulad | Pagkaiiba |
|---|---|---|
| **Ang Batang si Mira**<br>at<br>**Si Pepeng Masipag** | Halimbawa:<br>Tumutulong tuwing Sabado sa mga magulang.<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________ | Halimbawa:<br>Si Pepe ay tumutulong sa bukid, samantalang si Mira ay tumutulong sa pagtitinda.<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________ |

# *Isaisip*

**Panuto:** Punan mo ang mga patlang ng wastong salita upang mabuo ang kaisipan. Piliin sa loob ng kahon ang iyong sagot at isulat ito sa sagutang papel.

Sa (1)________________________ng mga kuwento sa pamamagitan ng pagtatala ng (2)___________________at pagkatutulad ay dapat mong hanapin; una ang (3)_____________nito sa pamamagitan ng pagkatutulad at pagkakapareho ng mga katangian, hugis, uri at iba pang pagkatutulad nito. Samantala sa (4)_____________________ naman ay dapat titingnan ang (5)__________________ng mga katangian, hugis, uri at iba pang pagkakaiba nito.

Pagpipilian ng mga sagot:

| | |
|---|---|
| pagkokompara | pagkaiiba |
| pagkaiba | pag-iiba |
| pagtutulad | |



# Isagawa

**Gawain ng Magulang/Guro**

- Gabayan ang bata sa pagbasa ng kuwento at kasunod na gawain.

**Gawain ng Mag-aaral**


- Isagawa ang  gawain pagkatapos ng pagbasa.


**Panuto:** Basahin ang talata na nasa ibaba at itala ang  mga paghahambing gamit ang pagtutulad at pag--iiba. Isulat sa sagutang papel.

### Ang Mga Punong Namumunga

Raquel A. Tangga-an

Sa aming bakuran mayroong  dalawang puno na nakatanim. Ang isa ay puno ng mangga at ang isa naman ay puno ng niyog. Ang dalawang punong ito ay hindi nauubusan ng mga bunga. Palagi kaming kumukuha at kumakain ng mga bunga nito. Kaygandang pagmasdan ng mga punong ito na  nagbibigay lilim sa aming paligid sa tuwing sisikat  ang haring araw.






| Pagkatutulad | Pagkaiiba |
|---|---|
| 1. _parehong namumunga______ dahon_________ | 1. magkaiba ang |
| 2.___________________________ | 2.___________________________ |
| 3.___________________________ | 3.___________________________ |
| 4.___________________________ | 4.___________________________ |

# *Tayahin*

Basahin at unawain mo ang kuwento tungkol sa bukirin.



**Sa Bukirin**

Raquel A. Tangga-an

Napakaganda ng bukirin. Malamig at sariwa ang simoy ng hangin. Makikita rito ang iba't ibang luntiang pananim na nagpapaganda ng tanawin. Preskong gulay at prutas ay iyong makakain. Malayo sa polusyon at ingay ng mga sasakyan ang lungsod natin.

**Panuto:** Sagutin ang mga tanong sa ibaba batay sa binasa mong kuwento. Piliin ang letra nang tamang sagot at isulat ito sa iyong sagutang papel.

1. Saan inihambing ang bukirin?
   a. sa dagat   b. sa siyudad   c. sa lungsod

2. Anong hangin mayroon ang bukirin?
   a. malamig at presko   b. mainit   c. maalikabok

3. Kung ang bukirin ay may magandang tanawin, ano naman ang mayroon sa siyudad?
   a. ingay nang maraming sasakyan
   b. tahimik na paligid
   c. mga bundok

4. Sa bukirin ay malamig at presko ang hangin samantalang sa lungsod ay -
   a. may polusyon ang hangin
   b. may magandang tanawin
   c. may pareho silang pangalan ng lugar

5. Ano ang pagkakapareho ng lungsod at bukirin?
   a. pareho itong tahimik na lugar
   b. pareho itong presko ang hangin
   c. pareho itong lugar na puwedeng tirahan ng mga tao

# *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Basahin ang sumusunod na pahayag. Iguhit sa patlang ang  kung ito ay may pagkakatulad at  kung ito ay may pagkakaiba. Gawin mo ito sa iyong sagutang papel.

__________1. Malamig ang simoy ng hangin sa bukid.
Malamig ang hangin tuwing Disyembre.

__________2. Mga atleta sina Glen at Mar.
Magaling sa larong basketbol si Glen samantalang sa sipa naman si Mar.

_________3. Bibong bata si Jen at tahimik naman si Len.

_________4. Namumunga ang puno ng abokado at hinog na rin ang bunga ng mangga.

_________5. Matulin kung tumakbo ang mga kabayo gayundin ang mga kuneho.

# Susi sa Pagwawasto

Suriin

| | Pagkakatulad | Pagkakaiba |
|---|---|---|
| Kuwento sa  A at B | Pareho silang gusto makatapos ng pag-aaral at makakuha ng kurso. | Magkaiba sila ng gustong kursong kunin ang sa letrang **A** gustong maging guro sa letrang **B** gustong maging abogado. |

**Tuklasin**

1. Hinog na Bayabas at Ang Ibong Maliit
2. hinog na bayabas
3. Hindi dahil nahiiya siyang humingi kay Aling Maning
4. Ang hinog na bayabas.
5. pareho nilang gustong kumain ng hinog na bayabas
6. Nakakain ang ibong maliit ng hinog na bayabas samantalang si Lina ay hindi.

**Sagot sa loob ng Venn Diagram**

Pagkakatulad: Pareho silang nais kumain ng hinog na bayabas
Ang dalawang kuwento at tumutukoy sa bayabas.

Pagkakaiba :Nakakain ang ibon ngunit si Lina ay hindi.
Magkaiba ang pamagat ng kuwento.

**Balikan**

1.matamis    2. malakas    3. Malamig    4.malambot
5. masarap

**Subukin**

1. Ang mga lapis
2. pareho silang ginagamit sa pagsusulat
3. Ang isa ay maikli at Matulis at ang isa naman ay mahaba at mapurol
4. ito ay gamisa pagsusulat
5. Pareho silang gamit pansulat
Mahaba at mapurol ang isa
Maiksi at matulis naman ang isang lapis.

Tayahin
1. may pagkakatulad
2. may pagkakaiba
3. may pagkakaiba
4. may pagkakatulad
5.may pagkakaiba

**Karagdang Gawain:**
1.b 2.a 3. a 4. a 5. c

Pagyamanin
Gawain B. 1.c 2.a 3.c 4.c 5 .b
1.a 2. a 3. b 4.c 5. a
Pagkakatulad
Parehong matulungin sa mga magulang
Parehong Masipag
Pagkakaiba
Nagtitinda si Mira si Pepe nama'y nag-aalaga ng hayop.
Kay tatay tumutulong si Pepe Kay nanay naman si Mira

Isaisip

1. pagkukumpara
2. pagkakaiba
3.pagtutulad
4. pag-iiba
5. pagkakaiba

Pagyamanin
Gawain A Sagot sa loob ng mga kahon.
**Pagkakatulad**
Pareho silang atleta.
Pareho silang matalino.
Pareho silang mabait at matulungin.

**Pagkakaiba**
Magkaiba sila ng gustong isports.
Basketbol ang gusto ni Rene.Sepak Takraw naman kay Mario.
Tahimik si Rene bibo si Mario.

## *Sanggunian*

Aragon, A. L., & Jocson, M. O. (2010). Bagong Filipino 3 (Sa Salita at Gawa). SD Publications, Inc. F3KM-IIae-1.2

Lalunio, L. P., & Ril, F. G. (2010). Hiyas sa Wika 4 (Batayang Aklat). LG&M Corporation. F3KM-IIae-1.2

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph